JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Ihsaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban


SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 2

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5:
## Talento at Kakayahan Ko, Lilinangin ko



**Pangalan:** ______________________________

**Baitang at Seksyon:** ______________________________

**Paaralan:** ______________________________



# Alamin



Lahat tayo ay may ibat-ibang angking talino at kakayahan na dapat nating ingatan at alagaan sapagkat ito'y bigay ng Dakilang Maykapal. Ikaw anong talino at kakayahan na mayroon ka? Ito ba ay ginagamit mo at pinapahalagahan mo?

Ang layunin nito ay maipapakita ang ating kakayahan sa ibang tao upang maipapahayag ang mabubuting maidudulot o bunga sa paggamit ng talino at kakayahan. Naipapakita din sa kanila na hindi pare-pareho ang kakayahan o talino ng mga tao pangkaisipan, pampalakasan o pansining man.

**EsP2PD-IVe-i-6**



# Subukin

Panuto: Iguhit ang masayang mukha  kung tama ang isinasaad ng pangungusap at malungkot na  kung mali. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

__________1. Masaya ako kapag nakapagtatanghal ako sa aming palatuntunan.

__________2. Ayokong sumali sa mga palatuntunan sa pagkat nahihiya akong ipakita ang aking talento

__________3. Gagamtin ko ang aking kakayahan at talino sa wastong paraan.

__________4.Pinasasalamatan ko ang mga taong natutuwa sa aking kakayahan.

__________5. Magiging mayabang ako dahil alam kong may natatangi akong kakayahan at talino.

| Modyul 5 | Aking Talento at Kakayahan, Lilinangin Ko |
|---|---|



## Balikan

Sa nakaraang leksiyon, natutunan natin ang tungkol sa pagpapakita ng ibat-ibang paraan ng pagpapasalamat sa mga biyayang tinanggap,tinatanggap at tatanggapin mula sa Diyos

Panuto: Sagutin kung **Tama** o **mali** ang sinasabi ng sumusunod na pangungusap.Isulat sa papel ang inyong sagot.

___________1. Pinasasalamatan ko ang Panginoon sa mga biyayang ibinigay sa akin.

___________2. Ibinabahagi ko sa iba ang mga biyayang natatanggap ko.

___________3. Hindi ako nagdarasal bago kumain.

___________4. Tumutulong ako sa mga nangangailangan lalo na sa mga naapektohan ng kalamidad.

___________5. Tinatago ko ang mga damit na hindi ko na sinusuot kaysa pakinabangan ng iba.



## Tuklasin

Basahin ang Tula.

**Talentong Mapapahanga kayo!**

Mahusay sa paggalaw, kaaya-aya akong sumayaw.
Bihasa akong gumuhit, magagandang pook aking mapapalapit.
Malamig kong tinig, puso mo'y mapapapintig.
Malakas kong katawan, mananalo sa palakasan.
Madamdamin kong pagsulat, isip mo ay paganahin.
Malinaw kong pagbigkas, mauunawaang wagas.

Ito'y angking kakayahan, ipagmalaki at gamitin ninuman.

Anu-ano ang mga kakayahan ng bata na nabanggit sa tula?



## Suriin

Tandaan:
Bawat isa sa atin ay may mga kakayahan at talento na dapat nating madiskubre. Gamitin natin ito at linangin pa. Ang talino ay namamana natin sa ating mga magulang. Ang kakayahan ay maaaring mabuo sa pamamagitan ng pagsasanay para mas mahasa pa. Minsan may mga kakayahang dala-dala na natin simula ng tayo ay ipinanganak dahil ipinagkaloob ito ng Panginoon sa atin. Kaya kung may taglay tayong talino at kakayahan gamitin natin ito sa mabuting paraan upang makatulong sa ating kapwa.



## Pagyamanin

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang dapat mong gawin sa iyong natatanging kakayahan?

A.Itatago ko ito.
B. Ikakahiya ko ito.
C. Ipapakita ko at pauunlarin ko ito.

2. Ano ang natatanging taglay na biyaya ng Diyos sa isang tao?

a. Kaibigan
b. Kakayahan o talento
c. Magulang
d. Kapaligiran

3. Mahusay umawit si James at naais itong makita ng kanyang magulang.

Anong dapat niyang gawin?

A. Ipakita niya ang kahusayan sa pag awit sa harap ng kanyang magulang.
B. Hindi siya aawit.
C. Aaawit siya na may pagdadabog sa harap ng kanyang magulang

4.Ano ang mararamdaman mo kapag ipinakikita mo sa iba ang iyong kakayahan?

A. Magagalit
B. Magiging malungkot
C. Magiging masaya

5. Si Shiela ay mahusay bumigkas ng tula. Anong kakayahan ang dapat niyang ipakita?

A. Pag awit B. Pagtula C.Pagsayaw



# Isaisip

Ang bawat tao ay mayroong kanya - kaniyang____________at ___________ sikaping maipakita at mapaunlad ang kakayahang ito na bigay ng Diyos sa atin. Paunlarin at palakasin ang taglay mong kakayahan upang ikaw ay magtagumpay sa anumang laban.



# Isagawa

Panuto: Pagtambalin ang larawan na nasa Hanay A sa mga talento sa Hanay B.

| A | B |
|---|---|
| ______1.  https://bit.ly/3qmBWsz | A. sumasayaw |
| ______2.  | B. kumakanta |

https://bit.ly/3mBxVy2

_______3.  C. Naglalaro

https://bit.ly/2l2DmXM

_______4.  D. lumalangoy

https://bit.ly/36yRpOs

_______5.  E. nagtatanim

https://bit.ly/33DlTge



## Tayahin

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa patlang. Isulat niyo ang sagot sa kwaderno o sagutang papel.

_______1. Mahusay kang sumayaw. Paano mo ito pauunlarin?

A. Sumayaw ayon sa kagustuhan ng iba
B. Maging masipag sa pag-eensayo.
C. Aawit dahil magaling dito ang iyong kapatid.

_______2. Magaling kang umawit. Paano mo ito gagamitin?

A. Ikahiya ang kakayahan.
B. Sumali sa mga paligsahan sa pag awit.
C. Aawit ng walang nakakita.

_____3. May paligsahan sa pagguhit sa inyong barangay at mayroon kang kakayahan dito. Ano ang nararapat mong gawin?

A. Hindi lalahok baka matalo ka.
B. Sasali dahil magaling ka na.
C. Sasali dahil gusto mong ipakita at mapaunlad ang iyong kakayahan.

_____4. Nalalapit na ang paligsahan sa pabilisan ng paglangoy. Mabilis kang lumangoy. Ano ang iyong gagawin?
A.Sasali ka upang mas mapaunlad pa ang iyong kakayahan.
B. Sasali ka upang matalo ang iyong kaaway.
C. Liliban ka sa klase kasi ayaw mong sumali.

_____5. Kailangan ninyong bumigkas ng tula para sa Buwan ng Wika. Alin sa sumusunod ang iyong gagawin?
A. Magagalit ka dahil ikaw ay napili.
B. Magsasanay ka upang mapasaya ang lahat ng nanonood.
C. Magkukunwari kang masama ang iyong pakiramdam.



## Karagdagang Gawain

Panuto: Isulat ang mga kakayahan na iyong taglay at paano mo ito paunlarin.

| Ang kakayahan na aking taglay | Mga kakayahang gustong paunlarin |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

Rubriks sa Pagmamarka

| Mga Batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | **5** | **3** | **2** |
| Nilalaman | Kompleto ang hinihinging datos. | Hindi kompleto ang paraan kung paano ibahagi ang kakayahan. | Tatlo ang naisulat kung paano ibahagi ang kakayahan. |
| Pagkasulat | Malinis at maayos na pagkakasulat. | Maayos ang pagkakasulat. | Wala sa linya ang pagkakasulat. |



# Sanggunian


***Source Image: Swimming Together Cliparts***
http://clipart-library.com/data_images/61155.jpg
date accessed: November 27, 2020.Source Image: Toddler Word Cliparts
https://lh3.googleusercontent.com/proxy/NIA_xwjsNKFsUf9J77d0_yqQfeTBR9jouFwoqKnM4xLJjyLRQVBnCX89 0HJn43HmDBLPXg0BwxyfmKaYpdpaxKg
date accessed: November 27, 2020
**Source Image:** **cute boy planting maliit na puno**
https://img.lovepik.com/element/40097/9064.png_860.png date accessed: November 27, 2020
***Source Image:*** *Dancing Kids Clipart*
https://www.netclipart.com/pp/m/8-81013_png-free-ballroom-ballet-dancer-clip-art-kids.png date accessed: November 27, 2020
**Source Image:** Illustration of a Kid Little Girl Performing using Toy Guitar and Microphone
https://previews.123rf.com/images/lenm/lenm1306/lenm130600218/20217093-illustration-of-a-kid-little-girl-performing-using-toy-guitar-and-microphone.jpg
date accessed: November 27, 2020



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: James S. Caray
Editor: Rethel Ann C. Dadulo
Mary Grace A. Hore
Tagasuri: Baby Aida S. Awang, Jerlyn Faith B. Gitalan
Mona Lisa M. Babiera, EPS-EsP
Tagapamahala:
Evelyn F. Importante, OIC-CID Chief EPS
Aurelio A. Santisas, OIC ASDS
Jerry C. Bokingkito , OIC ASDS
Jeanelyn A. Aleman, CESO VI, OIC SDS